

Integrasyon ng Gender and Development (GAD) sa Gawain sa Asignaturang Filipino

Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research
Vol. 8 No.2, 6-14
May 2020 Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
ASEAN Citation Index

Felisa D. Marbella (PhD)¹, Rejoice B. Discaya (MaEd)²,
Fe Mendoza (EdD)³
Sorsogon State College, Philippines
felymarbella03@gmail.com¹, rejoicediscaya@gmail.com²,
femendoza23@yahoo.com³

Date Received: August 27, 2019; Date Revised: April 15, 2020

Abstract - Gender equality is a global issue that needs to be addressed for sustainable development. The education sector is implementing programs to achieve productive development based on gender equality and performs the mandates on Gender and Development (GAD). This study aimed to determine the extent of integration of Gender and Development (GAD) in teaching Filipino both written and oral performance of the selected Senior High Schools of the 14 towns and 1 city in Sorsogon. Stratified random sampling was used to select the 450 respondents. Documentary-analysis was utilized as a method of research. The findings revealed that there was lack of activities related to GAD in oral and written performance of the students. It was recommended that a workbook be utilized to guide the students in integrating GAD in Filipino subjects. Teachers may also continue to support GAD programs in school by integrating GAD activities or lessons in the teaching the subject.

Keywords: integration, activities/performance in writing, activities/performance in speaking, workbook

Abstract –Ang adhikain ng pagkakapantay-pantay sa pagitan ng iba’t ibang kasarian ay patuloy na usapin sa lipunan. Ang isinagawang pananaliksik ay isang pag-aaral na umaalam sa lawak ng integrasyon ng Gender and Development sa Asignaturang Filipino sa pasulat at pasalita na gawain/performans sa malalaking paaralan ng Senior High School sa 14 na bayan ng Sorsogon at isang (1) lungsod ng Sorsogon. Gamit ang Stratified Random Sampling nakuha ang 450 na kalahok sa pag-aaral, isinagawa ang dokumentari-analisis sa mga gawain/performans na pasulat at pasalita sa asignaturang Filipino. Ipinakita sa naging resulta na pagsulat ng maikling kuwento, sanaysay at malayang tula sa mga gawain/performans na pasulat, talumpati, debate at dula-dulaan naman sa mga gawain/performans na pasalita ang kakikitaan ng integrasyon ng GAD sa asignaturang Filipino, lumabas din na hindi gaanong sapat sa parehong pasulat at pasalita ang mga gawain sa asignaturang Filipino na may integrasyon ng GAD ngunit bahagyang may integrasyon naman ng GAD ang mga pasulat at pasalitang gawain/performans. Inirerekomenda na magkaroon ng sanayang aklat na gagabay sa mga mag-aaral namagsasagawa sa mga gawain na susuporta sa GAD bilang tugon sa kakulangan ng mga gawaing sumusuporta dito. Patuloy ring bigyang tuon ng mga guro ang integrasyon ng Gender and Development sa gawain/performans na ibinibigay upang patuloy na mapalawak at maisakatuparan ang layunin ng GAD sa mga paaralan.

Susing-salita: Intergrasyon, Gawain/performans na pasulat, Gawain/performans na pasalita, Sanayang Aklat

INTRODUKSIYON

Ang adhikain ng mga taong pagkakapantay-pantay sa lipunan ay nananatiling usapin sa kasalukuyan saan mang dako ng daigdig kaya’t patuloy ang paglikha ng mga ahensya o organisasyon at pagsulong ng mga programa na tutugon sa

pangangailangang ito. Sa pandaigdigang CEDAW o Convention of Elimination of all forms of Discrimination Against Women. Ang nabanggit na organisasyon ay tumatalakay sa mga karapatan ng kababaihan sa iba’t ibang larangan tulad ng sibil, politikal maging sa pang-ekonomiya, aspektong

kultural, panlipunan at pampamilya [1]. Nakasaad naman sa Saligang Batas ng bansang Filipinas, Artikulo 2, seksiyon XIV ng 1987 konstitusyon na ang tungkulin ng kababaihan ay kinikilala ng estado sa pagbuo nito ng bansa at dapat tiyakin na mayroong pagkakapantay-pantay ang mga babaihan at kalalakihan [2].

Alinsunod nito, nalikha ang GAD o ang Gender and Development na isang perspektibang nagtataguyod ng kaunlaran sa paraang pagbibigay pagkilala at halaga sa gampanin ng kababaihan sa kaunlaran at pagtataguyod ng kanilang pakikilahok sa paggamit nito (prayer, R.A. 9710, ang Magna Carta para sa kababaihan) na sinuportahan ng pagsasabatas ng Republic Act o RA No. 9710 at Magna Carta para sa mga kababaihan noong 2008 na naglalayong iwaksi ang iba't ibang ng uri ng diskriminasyon sa kababaihan at itaguyod pagkakaroon ng pantay na pagtingin ng mga lalaki at babae sa kahit anumang bagay [3].

Ang DEped o Kagawaran ng Edukasyon bilang ahensiya ng gobyerno na tutupad sa mga batas nito, nagpalabas ng DO 32 s. 2017, nilalaman nito ang Gender-Responsive Basic Education Policy na nagsasaad ng integrasyon ng pagkakaroon ng pantayna pagtingin sa kasarian, gender sensitivity, gender equity, pag-alis sa deskriminasyon at human rights sa basic education alinsunod sa mandato ng deped na edukasyon para sa lahat. [4] Ibig sabihin lamang nito, hindi ligtas ang mga asignatura sa integrasyon ng Gender and Development sa mga pagtalakay at gawaing ibinibigay. Bilang pagtugon dito, kinakailangan makaisip ang mga tagapagturo ng iba't ibang estratehiya upang maisama sa mga gawain ang adhikain ng Gender and Development. Ayon nga kay Sax (2005) [5], sa pamamagitan ng Gender-Based Instruction, mahalagang nauunawaan ng mga tagapagturo at magulang na malaki ang maitutulong ng kanilang kaalaman sa kung paano natuto ang mga lalaki at babae, ang kaalamang ito ay magiging kalamangan ng mga mag-aaral.

Mahalagang mabigyang pansin ng mga tagagawa ng kurikulum ang integrasyon ng Gender and Development sa lahat ng asignatura upang lubusang mapalawak ang integrasyon nito. Batay sa obserbasyon ng mananaliksik, hindi nabibigyang pansin ng mga guro ang integrasyon ng Gender and Development sa mga gawaing ibinibigay sa mga mag-aaral sapagkat kung nabanggit man sa kurikulum ay hindi malinaw na nailahad at nakasaad na kinakailangan itong isagawa bilang pagtupad sa DO

32 s. 2017 na naglalaman ng Gender-Responsive Basic Education Policy na ipinalabas ng DEped bilang pagtupad sa batas. Ang pagsasama ng Gender and Development sa kurikulum ay malaking tulong upang tuluyang magkaroon ng integrasyon ng Gender and Development sa mga gawaing pampaaralan. Makatutulong din ito upang ang kaalaman ng mga mag-aaral ay madagdagan patungkol sa Gender and Development upang makakilos ng wasto sa lipunan.

Sa asignaturang Filipino, isang malaking bagay ang maisama ang Gender and Development sa larangan ng pagsulat. Sapagkat ayon kay Royo, banggit ni Raagas (2015) [6], sa paghubog ng kakayahan maging ng isipan ng tao ay malaki ang naitutulong ng pagsulat. Sa gawaing ito, ang mithiin, pangarap, ang agam-agam, bungang-isip, damdamin at maging ang mga pagdaramdam ay naipapahayag. Nakikilala rin ng tao ng lubos ang kaniyang sarili, kasama na ang kaniyang kahinaan maging ang kalakasan, ang tayog at lawak na naaabot ng kaniyang kaisipan at kamalayan sa pamamagitan ng pagsulat. Sa pamamagitan din ng panulat magagabayan ang mag-aaral sa pagtataguyod ng pantay na pagtingin sa mga kababaihan at kalalakihan sa anumang aspekto ng buhay.

Hindi lamang sa gawaing pasulat nabibigyang integrasyon ang Gender and Development sa halip maging sa mga gawaing pasalita. Malaki ang naitutulong ng pasalitang gawain upang mapalawak ang taglay na kaalaman ng mga mag-aaral kaugnay sa layunin ng Gender and Development. Ang gawaing ito ay maaring makatulong upang mamulat ang mga mag-aaral sa pantay na pagtingin sa babae at lalaki sa lipunan maging sa taglay na karapatan ng anumang kasarian. Ayon kay Saucó banggit ni Escobedo (2015) [7], ang mga tao ay nagkakaintindihan gamit ang wika sa pakikipagtalastasan o komunikasyon. Naipaparing ng bawat isa ang kaniyang nais sa paggamit ng wika. Ang pinakamadali at pinakamabisang paraan ng pakikipagtalastasan ay ang pagsasalita. Ibig sabihin lamang nito, sa pamamagitan ng pagsasalita mas mabilis na naipapaabot ang impormasyon kaugnay sa Gender and Development sa kapwa.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na maisakatuparan ang nakasaad sa Saligang Batas, Artikulo 2, seksiyon XIV ng 1987 konstitusyon at Republic Act o RA No. 9710, ang Magna Carta para sa kababaihan. Tinitiyak din sa pag-aaral na ito na matugunan ang ipinalabas na Deped Order 32 s. 2017 na naglalaman ng Gender-Responsive Basic

Education Policy, ito ay ang magkaroon ng integrasyon ng Gender and Development sa Basic Education.

Bilang awtput ng pananaliksik na ito, bumuo ng isang sanayang aklat na gagabay sa bawat mag-aaral sa kanilangpasulat at pasalitang gawain na sumusunod sa polisiya ng Gender and Development.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ninonais ng pag-aaral na matukoy 1) gawain o performans na pasulat at pasalita sa asignaturang Filipino na nagpapakita ng integrasyon ng Gender and Development 2) kasapatan ng mga gawain o performans na pasulat at pasalita na sumusuporta sa Gender and Development 3) aanalisahin ang integrasyon ng Gender and Development sa mga gawain o performans sa asignaturang Filipino 4) mungkahing hakbang upang patuloy na maisama ang Gender and Development sa mga gawain sa Filipino na asignatura.

PAMAMARAANG GINAMIT

Sa isinagawang pagsasaliksik, ginamit ang deskriptib-analisis. Ang pinagkunan ng datos ay mga gawain/performans ng mag-aaral sa 15 na pinakamalalaking paaralan; 14 na bayan at isang (1) lunsod sa lalawigan ng Sorsogon. Ang mga kalahok ay mula saSenior High School na mag-aaralsapagkat sila ang pangkat na may mas marami nang gawain na nagawa at nalaman kung sila ay nakahanda na sa sunod na hagdan ng edukasyon, ang kolehiyo. Stratified Random Sampling ang ginamit na pamamaraan sa pagpili ng 30 mag-aaral sa bawat paaralan. Bumuo ng rubriks sa pagtukoy ng integrasyon ng Gender and Development sa bawat gawain.

Sa pag-alam ng mga gawaing isinagawa na may integrasyon ng Gender and Development at kasapatan nito, ginamit ng mananaliksik ang talatanungan at rubrik naman sa pag-aanalisa ng mga gawaing pasalita at pasulat sa asignaturang Filipino. Sinuri ang mga nakalap na mga impormasyon gamit ang pagbilang at pagrarrango.

NATUKLASAN

Mga Gawain o performans na pasulat at pasalita sa Asignaturang Filipino na nagpapakita ng Integrasyon ng Gender and Development

Makikita sa Talahanayan 1.1 ang mga gawain o performans na pasulat na isinasagawa sa asignaturang

Filipino. Makikita rin kung anong gawain ang pinakamadalas gawin na may kaugnayan sa integrasyon ng Gender and Development.

Talahanayan 1.1. Mga Gawain o performans na pasulat sa Asignaturang Filipino na may Integrasyon ng Gender and Development

GAWAIN NA PASULAT	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	Kabunan	Rango
Pagsulat ng maikling kuwento	21	18	27	25	24	29	17	24	23	30	14	24	24	23	25	348	1
Pagsulat ng Sanaysay	25	14	29	28	27	26	16	21	18	23	25	24	27	27	23	343	2
Pagsulat ng Dula	18	9	11	24	10	15	7	10	6	10	6	10	10	16	19	181	6
Pagsulat ng Nobela	4	3	10	10	2	9	4	3	6	2	1	--	--	0	4	58	9
Pagsulat ng malayang tula	15	12	20	23	29	6	16	19	18	18	23	24	18	19	25	285	3
Pagsulat ng Tradisyunal na Tula	10	6	10	8	17	5	11	8	11	14	2	11	1	5	6	126	8
Pagbuo ng Awitin	8	9	8	20	12	11	13	13	13	13	7	23	26	27	24	227	4
Paggawa ng Poster	12	9	16	20	20	8	12	20	14	11	17	--	21	19	16	215	5
Pagsulat ng iba't ibang teksto	14	3	12	9	6	7	12	12	8	18	12	--	19	18	150	7	
Iba pa Paggawa ng Islogan	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	4	2	7	10	

**multiple response

Mapapansin na ang pagsulat ng anumang uri ng maikling kuwento ang may pinakamataas na bilang na mayroong 348 gumawa. Ito ay nangangahulugang higit na makikita ang integrasyon ng Gender and Development sa pagsulat ng maikling kuwento. Batay sa panayam na isinagawa sa mga mag-aaral, inihayag ng mga ito na mas madali para sa kanila ang paggawa ng maikling kuwento sa dahilang ito ay kanilang mga nakikita at naoobserbahan. Ito din ang dahilan kung bakit mas madalas magpagawa ang mga guro ng maikling kuwento bilang lunsaran ng mga aralin. Kaya't dahil madalas itong gawin ng mga mag-aaral, ito rin ang pinakamadalas na kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development. At sa naging karanasan din ng mananaliksik mas madaling pagawain ng maikling kuwento ang mag-aaral dahil mas marami silang naisusulat lalo na kung ang paksang ibinigay sa kanila ay kanilang nararanasan o dili kaya'y angkop sa kanilang edad, interes, at napapanahong usapin tulad ng pagsasabatas ng diborsiyo at karapatan ng kababaihan sa lipunan.

Sa pagsulat ng maikling kuwento, ilan sa makikitang integrasyon ng Gender and Development ay ang sumusunod: paggamit ng tauhang babae at lalaki; pantay na pagtingin mga tauhan sa isa't isa, anuman ang kasarian; pagkilala sa gampanin at karapatan ng babae sa lipunan; pagkakaroon ng gampanin sa pamilya ng babae at lalaki; at pagpapakita ng parehong kakayahan ng babae at lalaki na humarap sa mga hamon ng buhay.

Sinundan ito ng pagsulat ng sanaysay na mayroong 343 na bilang. Madalas na gawin ito ng mga mag-aaral sapagkat madalas din itong ibigay ng guro bilang awtput pagkatapos ng aralin. Maging sapaglikha ng mga pagsusulit, sa Talaan ng Ispesipikasyon ng guro, makikita ang paglikha kung saan ang layunin dito ay makasulat o makalikha ng mga sulatin. Sanaysay ang madalas na ibigay ng guro sa bahaging ito kaya naman madalas din itong kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development. Madali ring nakabubuo ng sanaysay ang mga mag-aaral dahil mayroon na silang ideya sa paggawa nito.

Sa pagsulat ng sanaysay, makikita ang sumusunod na integrasyon ng Gender and development: pantay na pagtingin sa mga tao sa lipunan, anuman ang kasarian; pagbanggit ng ilang karapatan ng kababaihan; pagkalahatang pagtalakay sa paksa; hindi pagpanig sa iisang bahagi lamang; at maingat na pagtalakay sa paksa na hindi lumalabag sa karapatan ng babae, lalaki at iba pang kasarian.

Sunod naman ang pagsulat ng malayang tula na may 285 na bilang. Kinahihiligan ng mag-aaral ang pagsulat ng tula lalo na nang umuso ang pagsulat ng tulang may malayang taludturan. Madali silang nakakabuo ng tula sapagkat marami silang nababasang mga hugot, tigsik, rawit dawit na nagiging batayan nila sa pagbuo nito. Sa pamamagitan nito nailalahad ng mag-aaral ang mga saloobin, pananaw at kaalaman kaugnay sa mga bagay-bagay na kanilang nakikita at naobserbahan. Kaya naman lumutang din ang integrasyon ng Gender and Development sa pagsulat ng malayang tula.

Sa pagsulatng malayang tula, makikita ang sumusunod na integrasyon: pag-angat sa lebel ng kababaihan sa lipunan sa pamamagitan ng pagkilala sa angking husay at galing ng kababaihan; pagpapakita ng katatagan at katapangan ng kababaihan sa anumang hamon sa buhay na kinakaharap, higit lalo sa usaping pag-ibig; at pantay na gampanin ng babae at lalaki.

Sinundan ito ng pagbuo ng awitin na may 227 na bilang, paggawa ng poster na may 215 bilang,

pagsulat ng dula-dulaan na may 181 na bilang, pagsulat ng magkakaibang teksto na may 150 na bilang, pagsulat ng tradisyunal na tula na may 126, pagsulat ng nobela na may 58 at pagsulat ng Islogan bilang karagdagan na may 7 bilang. Ang nabanggit nagawain ay hindi gaanong nabibigyan ng atensyong gawin ng mga mag-aaral sapagkat ito ay mahirap gawin at bihirang ibigay na gawain ng mga guro. Sa kadahilan marahil na kailangan dito ang tutok na atensyon at mahabang oras para makabuo nito.

Mapapansing idinagdag ng mga respondent ang paggawa ng islogan bilang karagdagan gawain na isinasagawa nila na kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development sapagkat sa mga paligsahan katulad ng buwan ng nutrisyon, buwan ng wika at iba pa ay madalas itong ibigay bilang gawain. Kaya't bahagya ring kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development ang paggawa ng islogan.

Sa mga gawaing ito, makikita sumusunod na integrasyon; pantay na pagtingin sa anumang kasarian, pagbanggit sa mga karapatan ng kababaihan at paggamit ng imahe ng lahat ng kasarian tulad halimbawa sa poster. Sa mga isinusulat naman na islogan, ipinakikita ang kahalagahan ng babae sa lipunan at ang pantay pantay na pagtingin sa bawat isa.

Talahanayan 1.2. Mga Gawain o performans na pasalita sa Asignaturang Filipino na may Integrasyon ng Gender and Development

GAWAIN	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	Kabuan	Rango
NA PASALITA																	
Talumpati	8	9	20	24	19	14	18	17	17	17	24	9	9	13	21	239	2
Balagtas	15	7	14	11	7	9	11	12	9	4	4	13	7	11	11	145	5
Spoken Word Poetry Debate	11	10	15	18	25	5	14	15	12	10	18	15	5	21	21	215	3
Dula-dulaan	1	15	20	18	15	5	14	17	10	8	26	13	5	15	11	193	4
Dula-dulaan	24	19	26	26	28	22	16	20	15	17	21	--	8	15	14	271	1
Iba pa Pagbigkas ng tula	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	2	1	5	6

multiple responses

Ipinapakita naman sa talahanayang ito ang naging performans ng mga mag-aaral sa pasalitang gawain sa asignaturang Filipino. Sa pasalita naman, nanguna ang dula-dulaan na may 271 na bilang. Batay sa panayam na isinagawa sa mga mag-aaral lumabas na ang kinahihiligan ng mga mag-aaral na gawin ay dula-

dulaan sapagkat nakauugnay sila dulot ng pagkahilig sa panood ng mga teleserye o drama sa telebisyon at internet. Madali nilang nalalapatan ng aksyon ang mga naiisip na pangyayari. Dahil rin sa mga nababasa at nakikita nagagawa nila ito ng eksena na tugma sa hinihingi ng paksa. Sa pamamagitan nito, nailalabas ng bawat mag-aaral ang kanilang mga pananaw at saloobin na may kaugnayan sa Gender and Development.

Sa dula-dulaan, ilan sa makikitang integrasyon ng Gender and Development ay ang sumusunod: ang mga tagapagganap sa dula-dulaan ay binubuo ng iba't ibang kasarian; parehong naipapakita ang karapatan ng anumang kasarian sa pagharap sa mga hamon ng buhay; ipinapakita ang pagtatanggol ng mga tauhan sa kanilang sarili at paggamit ng taglay na karapatan sa bawat oras na sila'y ibinababa sa lipunan; at pantay na pagtingin ng mga kapwa tauhan sa isa't isa, anuman ang kasarian.

Sinundan ito ng Talumpati na may 239 na bilang, galing sa mga sanaysay na naisulat ng mga mag-aaral, binibigkas ito sa harap ng klase. Mapapansin na sa pasulat ikalawang kakikitaan ng integrasyon ang pagsulat ng sanaysay, mula sa panulat nakikita din ito sa pasalita, ang talumpati. Maging sa walang handang talumpati kung saan ang mag-aaral ay malayang nakapagpapahayag ng kani-kanilang mga saloobin ay lumalabas ang kanilang kaalaman kaugnay sa pantay na pagtingin na nilalaman ng Gender and Development.

Sa pagbigkas ng talumpati, makikita ang sumusunod na integrasyon ng Gender and Development: pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa anumang kasarian na sumali o magsagawa ng nasabing Gawain; pagtalakay sa paksa ng may pantay na pagtingin sa anumang kasarian; ipinaglalaman ang karapatan ng bawat isa higit lalo ng kababaihan; paggamit ng layunin at adhikain ng Gender and Development upang bigyang diin ang paksang tinatalakay.

Ang sumunod ay ang Spoken Word Poetry na may 215 na bilang. Sa paglabas ng makabagong paraan ng pagpapahayag, ang Spoken Word Poetry, nawili ang mga kabataan na gawin ito kaya't lumabas na kakikitaan din ito ng integrasyon ng Gender and Development. Masasabing madaling bumuo ang mga mag-aaral ng spoken word poetry lalo na't laganap sa internet ang pagsulputan ng mga hugot lines. Dahil dito naikokonekta nila ito sa pagbuo nito.

Sa *spoken word poetry* naman, makikita ang sumusunod na integrasyon: pareho itong ibinibigay sa

babae, lalaki at iba pang kasarian; sa pamamagitan nito, nabibigyang pagkakataon ang iba't ibang kasarian na magpahayag kaugnay sa kanilang mga saloobin o hinaing; nagbibigay buhay sa magagandang katangian at tungkulin ng mga kababaihan higit lalo ng mga nanay sa mga anak; at pagbubukas ng isipan ng mga tagapakinig kaugnay sapagkakapantay-pantay at pagtataglay ng karapatan ng tao.

Sumunod ang Debate na may 193 na bilang, Balagtas na may 145 na bilang at Pagbigkas ng Tula na may 5 na bilang. Mapapansin ding idinagdag ng mga respondent ang pagbigkas ng tula sapagkat hindi pa rin ito nawawala sa mga gawain sa asignatura. Kahit bihira nang bigkas ang mga ito kakikitaan pa rin ito ng integrasyon ng Gender and Development ang mga binibigkas na tula.

Sa mga gawaing nabanggit, makikita ang integrasyon sa sumusunod; paggamit ng nilalaman ng Gender and Development upang palakasin ang argumento laban sa diskriminasyon, pagbibigay pagkakataon sa mga kababaihan na magsalita't ipagtanggol ang kanilang mga paniniwala't kaisipan hinggil sa mga usaping panlipunan tulad halimbawa sa debate at pagbibigay tuon sa mga gampanin ng kababaihan.

Batay sa naging resulta, maikling kuwento ang gawaing pasulat na kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development dahil sa mas madali itong gawin at dula-dulaan naman sa gawaing pasalita dahil sa pagkahilig ng mag-aaral gawaing ito. Anggawaing ito na may integrasyon ng Gender and Development ay nakatutulong na tumaas ang interes at kaalaman ng mga mag-aaral sa asignatura.

Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Hernandez et.al [8] tungkol kaso ng integrasyon ng Gender and Development (GAD), lumabas na ang Gender Based Differentiated Instruction ay *Strongly Agree*, ibig sabihin nakaaapekto ito sa pagkatuto ng mag-aaral. Dagdag pa niya kinakailangang gamitin ng guro ang mga estratehiya na aagapay sa talento at pangangailangan ng bawat mag-aaral. Ang tinurang ito ni Hernandez ay nakita rin sa lumabas na resulta ng isinagawang pananaliksik sa mga gawaing pasulat at pasalita ng mag-aaral sa asignaturang Filipino kung saanmakikita ang integrasyon ng GAD.

Kasapatan ng mga gawain o performans na pasalita at pasulat na sumusuporta sa Gender and Development

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang kaugnay sa kasapatan ng gawain o performans sa asignaturang Filipino na sumusuporta sa Gender and Development. Tinukoy dito ang dami ng gawaing pasulat at pasalita na nakikitaan ng GAD.

Talahanayan 2.1. Kasapatan ng mga Gawain o Performans na pasulat na sumusuporta sa Gender and Development

MGA GAWAIN/PERFORMANSA PASULAT	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	KABUUNAN	RANGGO
Sapat na sapat	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	4
Sapat	4	3	1	4	10	3	6	3	6	3	1	2	6	6	4	5	67	3
Hindi Sapat	11	16	23	13	10	13	23	24	21	14	15	8	20	19	19	20	269	1
Gaanong Sapat																		
Hindi Sapat	15	10	6	13	10	11	1	2	2	13	14	19	4	5	7	5	137	2

Makikita sa talahanayan 2.1 na hindi gaanong sapat ang mga gawain o performans na pasulat na sumusuporta sa Gender and Development na may 250 na bilang. Ilan sa mga kadahilanan nito ay hindi lubos na naisasama sa binuong lesson plan ng mga guro ang Gender and Development bilang mga gawain. Dahilan din nito ang limitadong kaalaman ng mga guro kaugnay sa nilalaman ng Gender and Development. Kulang ang impormasyon naibigay sa mga guro tungkol sa paksang ito. Kulang din ang mga seminar o pagsasanay kaya na maaaring lahukan ng mga guro para ganap na maging maalam ang guro tungkol sa GAD at kanila itong maisama sa kanilang pagtuturo. Dagdag pa rito ang inilabas na kurikulum na hindi gaanong kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development. Maging sa inilalabas na mga aklat o modyul ay hindi rin malinaw ang naging integrasyon ng Gender and Development.

Sinundan ito ng hindi sapat na may 132 bilang, dahilan nito ang kakaunti lamang ang mga gawaing kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development. Dagdag pa dito, hindi rin malinaw sa mga mag-aaral ang layunin ng Gender and Development na makikita sa bawat gawaing pasulat.

Sumunod naman ang sapat na may 61 na bilang. Wala namang sumagot ng sapat na sapat. Patunay lamang ito na hindi talaga sapat ang mga gawaing pasulat na may integrasyon ng Gender and Development.

Makikita naman sa talahanayan 2.2 na hindi gaanong sapat ang mga gawain o performans na

pasalita na sumusuporta sa Gender and Development na may 223 na bilang. Sapagkat ilan lamang gawaing pasalita ang naisasagawa ng mga mag-aaral at madalas lamang dito ay ang dula-dulaan. Dahil sa limitadong gawain, limitado din ang integrasyon ng Gender and Development. Isa pa nito ang kawalan ng sapat nakaalaman ng guro at mag-aaral sa layunin ng Gender and Development.

Talahanayan 2.2. Kasapatan ng mga Gawain o Performans na pasalita na sumusuporta sa Gender and Development

MGA GAWAIN/PERFORMANSA PASALITA	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	KABUUNAN	RANGGO
Sapat na sapat	0	5	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	5	4
Sapat	3	11	0	5	11	11	11	5	19	3	9	4	4	8	8	112	2
Hindi Sapat	18	13	15	10	17	7	17	20	8	15	21	10	18	16	18	223	1
Gaanong Sapat																	
Hindi Sapat	9	5	15	15	2	9	2	3	2	12	0	15	8	5	4	108	3

Sinundan ito ng sapat na may 112 na bilang, hindi sapat na may 108 na bilang at sapat na sapat na may 5 na bilang. Ibig sabihin lamang, may kakulangan ang mga gawain na may integrasyon ng Gender and Development sa mga gawaing pasalita.

Ang kakulangan ng kaalaman ng mga guro at kakulangan ng implementasyon ng GAD sa mga gawain sa asignaturang Filipino pasulat man ito o pasalita ang masasabi nating dahilan kung bakit hindi naibigay ang tamang implementasyon ng GAD. Pinatunayan ito ng pag-aaral ni Albaladejo [9] tungkol sa implementasyon ng Gender and Development sa mga matataas na istitusyon bilang sa pagpapalakas ng programa ng GAD. Lumabas na ang mga guro ay “moderately aware” sa implementasyon ng Gender and Development. Patunay ito na limitado ang kaalaman ng mga guro kaugnay sa Gender and Development na nakaapekto sa mga gawain na ibinibigay sa mga mag-aaral. Batid din ng HEIs ang suliraning kinakaharap sa implementasyon ng Gender and Development tulad ng hindi sapat na pagsasanay, kakulangan ng pondo, hindi pagprioridad sa mga programa ng GAD, limitadong kolaborasyon ng mga institusyon sa mga gawain na may relasyon sa GAD at unsustainable implementation.

Analisis sa integrasyon ng Gender and Development sa pasalita at pasulat sa asignaturang Filipino sa bawat Gawain

Batay sa naging pagsusuri sa mga gawaing pasulat; maikling kuwento, pananalikisk, pamphlet, tula, diyalogo, alamat, sanaysay, pagpili ng produkto, iskrip, promotional materials, panukalang proyekto, talambuhay at mga pagsusuri lumabas ang sumusunod: Karamihan sa mga akdang pasulat ay nakapokus lamang sa isang kasarian; babae o lalaki; Ilan sa mga akda ay nakatuon lamang sa kapangyarihan ng lalaki at naisasantabi ang gampanin ng mga kababaihan; May ilan namang akda na nakatuon sa kakayahan ng babae sa paghahanapbuhay at hindi nababanggit ang lalaki; Ilan sa mga akda ay nakatuon sa hindi magandang pag-uugali ng babae; Karamihan sa mga tulang nalikha ay nagpapakita ng kahinaan higit lalo sa aspektong emosyonal ng mga kababaihan; Ilan sa mga pananaliksik ay hindi nakatuon sa babae at lalaki bilang mga respondent; Marami sa mga akda ang hindi binibigyang pansin ang kasarian sa mga isinulat na sulatin; May mga akda na bumabanggit sa karapatan ng babae sa usapin ng hiwalayan; Sa mga biswal na gawain, gumamit ng parehong larawan ng babae at lalaki; Ilan sa mga akda ang nagpapakita na parehong may kakayahan ang babae at lalaki; Ipinakita ng ilang akda ang malawak na pagtingin sa kakayahan ng babae at lalaki; at Ilan sa mga pananaliksik ang may lalaki at babaeng mg kalahok.

Gamit ang binuong rubriks, lumabas na may 41-60% na may katumbas na bahagyang may integrasyon ang gender and Development sa mga gawaing pasulat. Mapapansin na bahagya lamang may integrasyon ang Gender and Development sapagkat kakaunti lamang ang mga gawain na nagpapakita ng pantay na pagtingin sa babae at lalaki. Dagdag pa dito, hindi malinaw na nailalahad sa mga gawain ang gampanin at karapatan ng babae at lalaki. May ilang mga akda na nakasentro lamang sa isang kasarian at isinasantabi ang ibang kasarian na taliwas sa layunin ng Gender and Development.

Sa mga gawaing pasulat naman; talumpati, tulang pabigkas, balagtasang, *spoken wordpoetry*, debate at dula-dulaan lumabas ang sumusunod: Karamihan sa mga itinanghal ay nakapokus lamang sa isang kasarian; babae o lalaki; Ilan sa mga ipinakitang pagtatanghal ay nagpapakita ng kapangyarihan ng lalaki; Karamihan sa mga tulang nabigkas ay nagpapakita ng kahinaan higit lalo sa aspektong emosyonal ng mga kalalakihan tulad ng *spoken word poetry*; Sa mga pagtatanghal higit na marami ang gampanin ng kababaihan sa kuwentong nais ipakita; Ilan sa mga gawain ang nagpapakita na parehong may

gampanin ang babae at lalaki; at Ilan sa mga pagtatanghal ang may lalaki at babaeng mga kalahok

Gamit ang binuong rubriks, lumabas na mayroon ding 41-60% na may katumbas na bahagyang may integrasyon ang Gender and Development sa mga gawaing pasulat. Mapapansin na bahagya lamang ang integrasyon ng Gender and Development sapagkat sa mga pagtatanghal karamihan sa mga gumaganap ay babae at lutaw pa rin ang makapangyarihang tindig ng mga lalaki. Ngunit karamihan naman ng mga pagtatanghal ay may kalayaang lumahok ang parehong babae at lalaki.

Mapapansin na parehong may 41-60% na may katumbas na bahagyang may integrasyon ang Gender and Development sa mga gawaing pasalita at pasulat. Ibig sabihin lamang ang mga gawaing pasalita at pasulat ay parehong nangangailangan pa ng karagdagang kaalaman upang patuloy na maisama ang Gender and Development sa lahat ng mga gawain. Ito rin ay nangangahulugang kailangan pang palawakin ang programa at pagbibigay oryentasyon kaugnay sa layunin ng Gender and Development (GAD) sa bawat paaralan nang mabigyan ding kaalaman ang mag-aaral at guro kaugnay sa integrasyon ng Gender and Development (GAD) sa mga gawain.

Ang sapat na kaalaman ng pangkat ng mga guro tungkol sa GAD ay malaking factor para higit lalong maipabatid sa mag-aaral ang kahalagahan ng layunin ng GAD. Dahil din dito higit na maipapalam ang pagkakapantay ng karapatan ng mga babae at lalaki sa mga gawaing isinasagawa maging ito man ay gawaing pasulat at gawaing pasalita. Kapag ganap na alam ng mga mag-aaral ang usaping GAD, nangangahulugan lamang ito na ang babae at lalaki, masayang magagawa ang parehong karapatan, pangangailangan, oportunidad at proteksyon. Nakikita ang hindi pagkakapantay-pantay kapag ang grupo ay nakikita na mas marami ang karapatan kaysa sa isang grupo. Resulta nito ang kaguluhan at hindi pagkakaintindihan.

Sa isang analytical essay na may pamagat na "Integrating gender into other research areas: challenges and opportunities," nakasaad na sa pamamagitan ng reflexive analysis naaasistihan ang kaalamang mula pa noon at makapagplano para sa hinaharap^[10]. Ang resultang lumabas mula sa analisis ay maaring makatulong sa pag-alam ng lawak ng implementasyon ng gender and development sa mga gawain at makakatulong din ito sa pagpapalano ng mga gawain o programa upang patuloy na masuportahan ang implementasyon ng gender and development.

Mungkahing hakbang upang patuloy na maisama ang Gender and Development sa mga gawain sa asignaturang Filipino

Isang sanayang aklat nagagabay sa mag-aaral sa mga gawain sa Filipino na asignatura na sumusuporta sa Gender and Development ang awtput ng isinagawang pag-aaral. Ang nabuongaklat ay maaring gamitin bilang sanggunian ng guro upang patuloy na magkaroon ng integrasyon ang Gender and Development sa asignaturang Filipino. Ito rin ay makakatulong na mabuksan ang isipan ng mag-aaral at makiisa sa implementasyon ng Gender and Development. Sa pag-aaral ni Barrientes ^[11] tungkol sa bisa ng paggamit ng aklat na malikhaing pagsulat, lumabas na kung ang tamang hakbang o proseso sa pagsulat ay maituturo ng matagumpay gamit ang kagamitang tiyak na makatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mag-aaral, makatutulong ito upang mapataas ang antas ng pag-unawa, ang kakayahang mapagana ang ideya, ang damdamin at maging ang malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral gamit ang sanayang aklat. Inirerekomenda rin ang pagsama ng Gender and Development sa kurikulum sa Deped upang patuloy napalawak at maisakatuparan ang layunin ng Gender and Development.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa lumabas na resulta ng pag-aaral sa integrasyon ng Gender and Development sa asignaturang Filipino, nakabuo ng sumusunod: pagsulat ng maikling kuwento, sanaysay at malayang tula sa mga gawain/performans na pasulat, talumpati, debate at dula-dulaan naman sa mga gawain/performans na pasalita ang kakikitaan ng integrasyon ng Gender and Development sa asignaturang Filipino, hindi gaanong sapat sa parehong pasulat at pasalita ang mga gawain sa asignaturang Filipino na may integrasyon ng Gender and Development at bahagyang may integrasyon naman ng Gender and Development ang mga pasulat at pasalitang gawain/performans. Inirerekomenda batay sa natuklasan na magkaroon ng sanayang aklat na gagabay samag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawaing susuporta sa Gender and Development bilang tugon sa kakulangan ng mga gawaing sumusuporta sa Gender and Development na sasagot sa layunin na maisakatuparan ang nakasaad sa Saligang Batas, Artikulo 2, seksiyon XIV ng 1987 konstitusyon at ng Republic Act o RA No. 9710, ang Magna Carta ng kababaihan at matugunan ang ipinalabas na Deped Order 32 s. 2017, naglalaman ng Gender-Responsive

Basic Education Policy na magkaroon ng integrasyon ng Gender and Development sa Basic Education. Inirerekomenda rin ang pagsama ng Gender and Development sa kurikulum sa Deped upang patuloy na mapalawak at maisakatuparan ang layunin ng GAD sa mga paaralan.

TALASANGGUNIAN

- [1] Tripon, O. H. (2006). Kalagayan at Karapatan ng Kababaihan: CEDAW Primer. Retrieved from https://www.google.com.ph/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://www.dbp.ph/wp-content/uploads/2018/06/CEDAW.pdf&ved=2ahUKEwiFppzN_tnAhWU62EKHZLMBg0QFjAAegQIARAB&usq=AOvVaw2ZrH12nChDE_3I8HmVfLRD
- [2] Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987. url: <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/>
- [3] Working for Empowerment and Good Governance Institute, Inc.(2011). R.A. 9710. Magna Carta of Women. url: <http://www.wegoverninstitute.org/wp-content/uploads/2012/07/Magna-Carta-Primer.pdf>. pp.1
- [4] Department of Education (2013). DO 27, Series 2013. Guidelines and Procedure on the Establishment or Deped Gender and Development (GAD) Focal Point System (GFPS) at the REgional, Division and School Levels. url: <http://www.deped.gov.ph/2017/06/29/do-32-s-gender-responsive-basic-education-policy/>. pp 1
- [5] Sax, L. (2005). Why gender matters: what parents and teachers need to know about the emerging science of sex differences. New York, NY: DoubledAY. Retrieved from <https://www.amazon.com/Why-Gender-Matters-Teachers-Differences/dp/0767916255>
- [6] Raagas, M. H. (2015). Antas ng Kakayahan sa pagsulat ng Iba't Ibang Genreng Panitikan ng mga Mag-aaral sa Sekundarya. Sorsogon State College. Lungsod ng Sorsogon. pp 3-4
- [7] Escobedo, A. F. (2015). Antas ng Pasalitang Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 10. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon. 10
- [8] Hernandez, T. A. & Cudiamat, M. A. (2018). Classroom: The Case of Lucsuhi National High School, Department of Education-Philippines. Calatagan, Department of Education-Batangas, url: https://www.google.com.ph/amp/s/www.researchgate.net/publication/326259960_Integrating_Gender_and_Development_GAD_in_the_Classroom_The_Case_of_Lucsuhi_National_High_School_Department_of_Education-Philippines/amp
- [9] Albaladejo, E. M. (2016). Implementation of Gender and Development among Higher Education Institutions: Input to GAD Enhancement Program. Capiz State University Main Campus. Retrieved from <https://doi.org/10.7719/irj.v7i1.368>

- [10] Analytical Essay on Integrating gender into other research areas: challenges and oppurtunities. url: https://gender.cgiar.org/wp-content/uploads/2016/11/Gender-annexes_July-252016_webversion.pdf. pp 2-3
- [11] Barrientes, A. N. M. (2015) Bisa ng Paggamit ng Aklat sa Malikhaing Pagsulat sa Ikapitong Grado, Letran-Calamba Journal of Institutional Research and Development. Vol.1 No.2. Retrieved from <https://ejournals.ph/article.php?id=10672>. pp 62-63

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).